

● Makipag-ugnayan o komunsulta sa:

- Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People on the Move (J-CaRM)
Tel. 03-6632-4441 E-mail: jcarm@cbcj.catholic.jp
- (Sapporo) Welcome House
Tel. 011-222-6766 E-mail: Sapporo.welcomehouse@gmail.com
- (Saitama) Open House International Center
Tel. 048-827-0055 E-mail: open-house@nifty.com
- (Tokyo) Catholic Tokyo International Center CTIC
Tel. 03-5759-1061 E-mail: info@ctic.jp
- (Yokohama) Encom Yokohama
Tel. 045-315-7040 E-mail: encomyoko@gmail.com
- (Nagoya) Tomo no Kai
Tel. 052-953-9480 E-mail: tomonokai9480@gmail.com
- (Osaka) Sinapis
Tel. 06-6941-4999 E-mail: sinapis-b@osaka.catholic.jp
- (Hiroshima) Filipino Workers Support Group
(accepting consultation regardless of nationality)
Tel. 090-7590-0215 (Komatsu Kimihiro) E-mail: k.komatsu@do.enjoy.ne.jp
- (Fukuoka) Nagasaki Archdiocese
In-charge Iwamoto Mitsuhiro
Tel. 090-8838-8595 E-mail: brb05210@nifty.ne.jp



Date of Publication February 25, 2017
Catholic Bishops' Conference of Japan
Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People on the Move
Japan Catholic Center
2-10-10 Shiomi, Koto-ku, Tokyo 135-8585 Japan
TEL: 03-5632-4441 FAX: 03-5632-7920
E-mail: Jcarm@cbcj.catholic.jp URL: <http://www.jcarm.com>

Questions and Answers about the Technical Intern Training Program

技能実習制度 Q&A タガログ語



Sa kasalukuyan, mayroong 200,000 technical intern trainees na galing sa iba't ibang bahagi ng Asya tulad ng China at Vietnam na nakatalaga sa 70 na uri ng trabaho lalo na sa agrikultura, fishing industry, construction, at manufacturing.

Ayon sa programa ng Technical Intern Training Program, ang hangad nito ay ang palawakin ang kakayahan ng mga manggagawa subalit ang pagsasanay ay nagiging tugon sa kakulangan ng manggagawa sa bansang hapon na may mababang sahod. Ang programang ito ay nakitaan ng paglabag sa karapatang pantao tulad ng pagkakaroon ng deposit money, penalty sa paglabag ng kontrata, mababang sahod, di makatarungang haba ng oras ng trabaho, pagkakaroon ng kickback na binabawas sa sahod ng mga kawani, karahasang sekswal, masapilitang pagpapauwi, atbp. Pinupuna ito ng International Community na isang hotbed ng human trafficking. Noong Nobyembre 2016, ang kongreso ay nagpasa ng batas para palawakin at patibayin ang Technical Intern Trainee Program kaya inaasahang tumaas pa ang bilang ng mga technical intern trainees sa bansa.

q1

● Maliit na sahod at mahabang oras ng trabaho

Kahit na nagtatrabaho mula alas 9 ng umaga at nag-o-over-time hanggang alas 10 ng gabi araw-araw, ang sahod na nakukuha namin ay nasa ¥5,000 lang sa isang buwan. Ang bayad sa over-time ay ¥400 sa isang oras at dinadagdag ito sa isang buwang sahod. Ang kinikita namin ay hindi sapat para mabayaran ang inutang namin bago pumunta ng Japan. Ano ang aming gagawin?



A

Ayon sa kasalukuyang sistema, ang technical intern trainees ay nasasakop ng Ministry of Labor kaya nararapat na sila ay tumanggap ng minimum na suweldo ayon sa batas. Dahil sa mga bayarin para sa dormitoryo, ilaw, tubig at kuryente na mas mahal ang singil kaya ang natatanggap na sahod ay napakaliit. Tungkol sa bayad ng over-time, karaniwan ay di makatarungan ang natatanggap na bayad. Sa ganitong sitwasyon ang technical intern ay maaaring dumulog sa Labor Standard Inspection Office upang makuha ang nararapat na sahod. Nangangailangan ito ng sapat na paghanda at tulong ng taga-suporta.



q2

● Ekploytasyon ng organisasyong nagpadala

Nagbayad kami ng malaking halaga sa organisasyong nagpadala sa amin sa halagang 1 million yen para makapunta dito sa Japan. May pinirmahan kaming papeles na magbabayad ng 5 million yen bilang parusa kapag di namin matapos ang 3 taong kontrata ng pagsasanay. Subalit pagdating dito, ang trabaho at sahod ay iba kesa nakasulat sa kasunduan. Kung magpapatuloy ito hindi kami makakabayad sa aming utang. Ano ang dapat naming gawin?



A

Ang kontrata sa pagitan ng technical intern trainees at ng organisasyong nagpadala ay nasasakop ng batas ng bansang kanyang pinanggalingan. Kaya kung may malaking problema sa sistema dito sa Japan ay may kahirapang matulungan ang kawani. Kung ang kasalukuyang trabaho ay iba kesa uri ng trabaho na nakasulat o ang natatanggap na sahod ay di ayon sa batas, ito ay labag sa batas dito at may posibilidad na matulungan ng mga NGO at organisasyon na may kinalaman sa mga trainees. May posibilidad din na makapanatili dito sa Japan, kaya huwag kayong mawalan ng pag-asa at maghanap ng paraan.



● Pagpapauwi ng sapilitan sa bansang pinanggalingan

q3

Noong nagreklamo kami sa aming amo at organisasyong namamahala sa amin tungkol sa di maayos na kondisyon ng aming trabaho, di namin inaasahang kami'y pagsabihan na "tanggap na kami sa trabaho at kami ay pauwiin na". Ano ang mabuti naming gawin?



A

Kapag ang technical intern trainee ay magreklamo sa kanyang amo o kaya malalaman ng kanyang amo na humihingi siya ng tulong sa ibang organisasyon ay maaaring pauwiin siya nito. Para maiwasan itong mangyari, dapat ay mag-ingat at paghandaang mabuti bago magreklamo. Kung kayo ay sapilitang pauwiin, maaring dumulog sa mga organisasyong sumusuporta o tumutulong sa ganitong kaso. Kung kayo ay gigipitin at dadalhin sa airport sabihin sa opisyal ng Immigration, "Ang pagpapauwing ito ay labag sa aming kagustuhan at gusto naming magpatuloy ng pagsasanay sa ibang organisasyon." para magkaroon ng posibilidad na maiwasan ang pagpapauwi.



● Mga bagay na dapat tandaan . . .

- May kahirapang magreklamo ang mga technical intern trainees kung sila-sila lang kaya kailangan may mga taong nagbibigay suporta sa kanila at ang pagreklamo ay kailangang paghandaang mabuti.
- Makikita ang mga listahan sa website ng The Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People on the Move (J-CaRM) ang mga organisasyon na nagbibigay suporta sa iba't ibang lugar at may mga Katolikong organisasyon na nakatala sa likod ng pamphlet na ito.

